GRADES 1 to 12
DAILY LESSON LOG

| | | | |
|---|---|---|---|
| School: | | Grade Level: | VI |
| Teacher: | *Credits to the Writer of this DLL* | Learning Area: | ESP |
| Teaching Dates and Time: | (WEEK 4) | Quarter: | 4TH QUARTER |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| ***I.LAYUNIN*** | | | | | |
| **A. PamantayangPangnilalaman** | Naipamamalas ang pang-unawa sa kahalagahan ng pagkakaroon ng sariling kapayapaan (inner peace) para sa pakikitungo sa iba. | | | | |
| **B.PamantayansaPagganap** | Naisasabuhay ang pagkamabuting tao na may positibong pananaw bilang patunay sa pag-unlad ng ispiritwalidad. | | | | |
| **C. MgaKasanayansaPagkatuto Isulatang code ngbawatkasanayan** | 11. Napapatunayan na nagpapaunlad ng pagkatao ang ispiritwalidad<br>11.1 pagpapaliwanag na ispiritwalidad ang pagkakaroon ng mabuting pagkatao anuman ang paniniwala<br>11.2 pagkakaroon ng positibong pananaw, pag-asa at pagmamahal sa kapwa at sa Diyos | | | | |
| **II.NILALAMAN** | **Aralin 30** Diyos at Kapwa, Pinagmumulan ng Pag-asa. | | | | |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A.Sanggunian** | | | | | |
| **1.Mga pahinasaGabayngGuro** | **EsP - K to 12 CG p. 89** | **EsP - K to 12 CG p. 89** | **EsP - K to 12 CG p. 89** | **EsP - K to 12 CG p. 89** | **EsP - K to 12 CG p. 89** |
| **2.Mga PahinasaKagamitang Pang-Mag-aaral** | | | | | |
| **3.Mga pahinasaTeksbuk** | | | | | |
| **4. KaragdagangKagamitanmulasa portal ng Learning Resource** | | | | | |
| **B.Iba pang KagamitangPanturo** | videoclips, cd player, sipi ng awit ( May Bukas Pa), mga larawan, hugis kamay, pentel pen, masking tape, | | | | |
| **IV.PAMAMARAAN** | | | | | |
| **A.Balik-Aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimulang aralin** | Tungkol saan ang aralin natin noong nakaraang linggo? | Itanong :<br>1.Ano ang ating pinag-aralan kahapon?<br>2.Anong pagpagpapahalaga ang iyong natutuhan tungkol sa aralin? | Anong mga kaisipan ang natutunan ninyo sa mga ginawa nating pangkatang gawain? | Patunayan na ang mga taong iyong hinahangaan ang nagsisilbing gabay mo sa paggawa ng kabutihan at sa paghubog ng mabuting pagkatao na may takot sa Diyos. | |
| **B. Paghahabi sa layunin ng aralin** | Ipakita ang mga larawan.<br>(Mga larawan na nagpapakita ng pagtulong sa kapwa.) | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| |     | | | | |
| **C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin** | Mga Gabay na Tanong:<br>a. Ano ang ipinapakita sa mga larawan?<br>b. Bakit kaya nila ginagawa ang mga ito?<br>c. Ginagawa nyo rin ba ang mga ito? Bakit?<br>d. Sa papaanong paraan nakatutulong ang mga gawaing ito sa pagpapaunlad ng ating pagkatao?<br>e. Bukod sa mga ipinakita sa larawan, sa papaanong paraan pa natin mapauunlad ang ating pagkatao? | | | | |
| **D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | Pagpapakita ng video clips tungkol sa mga biktima ng iba't ibang kalamidad sa bansa. (suhestyon: El Gamma Penumbra Bagyong Yolanda)<br>Itanong:<br>a.Ano ang naramdaman ninyo habang pinanunuod ang video?<br>b.Paano sila nabigyang pag-asa sa oras ng kalamidad?<br>c.Sa inyong lugar, ano-anong mga kalamidad na ang inyong naranasan? Sa papaanong paraan kayo natulungan o nakatulong na magbigay pag-asa sa mga biktima? | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **E. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | | **Gawain 1**<br>Ipaparinig ang awiting may pamagat na: May Bukas Pa ni Rico Puno at talakayin ang mga sumusunod na tanong:<br>a.Ano ang iyong naramdaman habang pinakikinggan ang awit?<br>b.Ano ang pinakamahalagang mensahe ng awit?<br>c.Sinu-sino ang maaaring makatulong sa atin sa panahon ng pagsubok?<br>**Gawain 2**<br>**Pangkatang Gawain.** Pangkatin ang klase sa 5. Bigyan ang bawat pangkat ng hugis kamay at doon ay isulat ang iba't ibang paraan kung papaano makapagbibigay pag-asa sa kapwa. Iulat ang kinalabasan sa klase.<br>Mga Gabay na Tanong:<br>1.Ano ang natuklasan mo sa gawaing ito?<br>2.Sa papaanong paraan tayo nakapagbibigay pag-asa sa ibang tao?<br>3.Paano nakakaapekto sa iyo ang pagbibigay pag-asa sa ibang tao? | | | |
| **F. Paglinang sa Kabihasaan (Tungosa Formative Assesment 3)** | | Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more | Pag-aanalisa ng mga sitwasyon:<br>1.Namatay ang tatay ng iyong kaklase, napansin mo na siya ay naging malulungkutin, ano ang maaari mong gawin upang siya ay magkaroon ng bagong pag-asa?<br>2.Bumagsak sa markahang pagsusulit ang iyong kaibigan. Madalas siyang lumiliban sa klase mula noon. Ano ang maaari mong gawin upang mapanumbalik ang kanyang interes sa pag-aaral?<br>3.Nasunugan ang inyong kapitbahay, wala siyang | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | magamit na uniporme. Ano ang maaari mong gawin upang mapagaan ang kanyang kalooban? | | |
| **G. Paglalapat ng aralin sa pang araw-araw na buhay** | | | | Pangkatang Gawain. Pangkatin ang klase sa apat batay sa kanilang angking talento at kakayahan.<br>Pangkat 1 – Tableau (Namatayan ng nanay)<br>Pangkat 2 – Flip Tap( kaibigang may malaking problema)<br>Pangkat 3 – Poster ( Kamag-aral na nasunugan)<br>Pangkat 4 – Iskit ( Kapatid na hindi nakasama sa mga mabibigyan ng karangalan) | |
| **H. Paglalahat ng Aralin** | Likas sa tao ang kabutihan. Ito ay kanyang naipapakita sa pamamagitan ng pagtulong sa kapwa. | Ang pagbibigay pag-asa ay pagpapakita rin ng kabutihan | Ang pagtulong at pagbibigay pag-asa sa kapwa ay pagpapahayag ng pagmamahal. Ang pagmamahal sa kapwa ay lalong nakapagpapatingkad ng pagmamahal at pananampalataya sa Diyos. | | |
| **I. Pagtataya ng Aralin** | | | | | Piliin ang titik ng may pinakaakmang kasagutan.<br>1.Sa oras ng mga pagsubok sa buhay, ang tao ay hindi dapat mawalan ng __________.<br>a.pagmamahal<br>b.pag-asa<br>c.kapayapaan<br>2.Ang bawat isa ay may kakayahang maghatid ng pag-asa dahil ang tao ay likas na ____.<br>a.mabuti<br>b.masayahin<br>c.matalino<br>3.Sa mga panahong ang pakiramdam natin ay iniwanan na tayo ng lahat, |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | lagi nating tandaan na hindi tayo kailanman pababayaan ng_______.<br>a.Maykapal<br>b.kamag-aral<br>c.kaibigan<br>4.Dapat nating tandaan na anumang ginawa natin sa ating _________ ay parang ginawa na rin natin sa Diyos.<br>a.sarili<br>b.kapaligiran<br>c.kapwa<br>5.Ang pagpapakita ng kabutihang-loob sa kapwa ay nakapagpapaunlad din sa _______ ng tao.<br>a.kasikatan<br>b.ispiritwalidad<br>c.kagalingan |
| **J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at remediation** | | | | | Gumawa ng isang Maikling Panalangin ng Pag-asa sa mga nasalanta ng iba't ibang kalamidad. Isulat sa isang bond paper. |
| **V.MGA TALA** | | | | | |
| **VI. PAGNINILAY** | | | | | |
| A.Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya | | | | | |
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation | | | | | |
| C. Nakatulong ba ang remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin? | | | | | |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpatuloy sa remediation? | | | | | |
| E. Alin sa mga istrateheyang Pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito na katulong? | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyonan sa tulong ng aking punongguro at superbisor? | | | | | |
| G.Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | | | | | |